
# SI GOONG PAGULONG GULONG



Kuwento ni:
ROVELYN V. ROQUE

Guhit ni:
RESAN MIKE FERNANDEZ


Karapatang –ari © 2018 ni Rovelyn V. Roque

Reserbado ang lahat ng karapatan, kasama na ang karapatan sa reproduksiyon at paggamit sa anumang anyo at paraan, maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa may hawak ng karapatang -ari


Isang araw, si Gong ay namasyal at nadaanan niya ang mga gulong sa gilid ng daan na may mga tanim na mga bulaklak.



Si Gong ay isang mayabang at luma nang gulong. Wala siyang ginawa kung hindi gumulong lang nang gumulong maghapon.Pakiramdam niya hindi kumpleto ang araw niya pag hindi siya nakapang -asar ng mga kapwa niyang gulong na madadaanan niya.



"Hay naku!, ano ang silbi ng mga gulong na ito? Nasa gilid lang ng daan hindi tulad ko na kung saan saan ako nakakapunta at nakaka-pasyal",ang sabi ni Gong. Sinagasaan ni Gong ang mga gulong na may tanim  na mga bulaklak.




Nalungkot ang mga gulong dahil naputol at naglaglag ang kanilang mga bulaklak sa ginawa ni Gong."Huhuhu! bakit mo sinira ang mga bulaklak namin Gong wala naman kami ginagawa sayo?", sabi ng mga gulong. Tuwang tuwa naman si gong sa kanyang ginawa.




Patuloy si Gong sa paggulong hanggang sa nakita niya ang mga gulong na ginawang bakod ng kanilang mga bakuran.Tinawanan naman ni Gong ang mga gulong na nakasabit. Malungkot naman ang mga gulong sa ginawa niyang pang - aasar.



Masayang masaya si Gong sa mga nagawa niya. Habang siya ay gumugulong nakarating siya sa isang puno na kung saan may mga  gulong na mesa at upuan. Kumusta Gong? tanong ng gulong na mesa. “Heto masaya sa pamamasyal hindi tulad niyo hindi maka-alis diyan” tugon ni Gong.



Hanggang sa napagod si Gong sa paggulong at naisipang magpahinga sa gilid ng daan.



Nang may babaeng dumaan at nakita si Gong. Kinuha siya at inuwi sa kanilang bahay. Itinabi sa mga lumang gulong na kagaya niya. "Dito ka muna at tatamnan kita",sabi ng babae. Hmmmm!, ayaw ko dito, sabi ni Gong.



Hanggang sa nilisan,pininturahan, ginuhitan ng ibat ibang hugis, tinamnan at diniligan ang nakatanim na halaman kay Gong. Hindi nagtagal namulaklak na ang tinanim sa kanya.



Malungkot si Gong dahil hindi na siya malayang makakapunta sa gusto niyang puntahan samantalang ang mga kasama niya ay masayang masaya.



Naisip ni Gong na mali ang ginawa niya.Nag Sorry siya mga gulong at naging kaibigan niya nga ang mga ito. Simula noon naging masaya si Gong pati narin ang mga ibang pang gulong.



Isang hapon, may mga bata na pauwi galing sa kanilang paaralan. Nakita nila ang mga bulaklak at si Gong. Nilapitan siya ng mga bata sabay sabing wow! ang ganda. Masayang masaya si Gong sa narinig.



**Gustong mag sorry ni Gong sa mga gulong.**

**Tulungan natin siyang mahanap ang mga ito.**



Isang luma at mayabang na gulong si Gong.
Gustong gusto niyang asarin ang iba pang mga gulong.
Basahin sa kwentong ito ang sinapit ni Gong dahil sa kaniyang kayabangan.

